Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

7:6
10-12-10

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG SETYEMBRE 27, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 171-T2010**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 42-T2010 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 10-T2010 NG BARANGAY POBLACION IV NA NAGTATAAS NG SINGIL SA MGA KUMUKUHA NG BARANGAY CLEARANCE SA NASASAKUPAN NITO SA HALAGANG APATNAPUNG PISO (Php40.00).**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 42-T2010/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 10-T2010 ng Barangay Poblacion IV na naglalayong magtaas ng singil sa barangay clearance sa nasasakupan ng barangay sa halagang P40.00;

**SAPAGKA'T**, ito ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at malaman ang kahalagahan nito upang maitaas ang *antas ng paglilingkuran sa barangay, ayon sa isinasaad ng Kapasiyahan ay inirekomenda ng* Tagapamuno ng Lupon sa Batas na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa munkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco at Serafin C. San Juan, Jr. at buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 42-T2010 / Kautusan sa Paglalaan Blg.10 – T2010 ng Barangay Poblacion IV na nagtataas ng singil sa mga kumukuha ng barangay clearance sa nasasakupan nito sa halagang Apatnapung Piso (Php40.00).

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman at Sang. Barangay Poblacion IV, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan